

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong maaaring pahintulutan ang menor de edad

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapangalaga upang makakuha ng ilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at maaari mong matanggap ang mga ito nang may kumpiyansa, na nangangahulugang hindi aabisuhan o makikipag-ugnayan ang magulang o tagapangalaga mo kung kukunin mo ang mga serbisyong ito nang walang nakasulat na pahintulot mo. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad.

Makukuha mo ang mga sumusunod na serbisyo sa ilalim ng **edad na 12**:

- Mga serbisyo para sa sexual assault
- Mga serbisyong nauugnay sa pagbubuntis at mismong pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, gaya ng mga serbisyo ng pangontra sa pagbubuntis (hal., pagkontrol sa pagbubuntis)

Bilang karagdagan sa mga serbisyong nakalista sa itaas, maaari rin ninyong makuha ang mga sumusunod na serbisyo sa **edad na 12 taong gulang o mas matanda pa**:

- Outpatient na paggamot sa kalusugan ng isip o pagpapayo. Depende ito sa iyong pagiging mature at kakayahang makilahok sa iyong pangangalagang pangkalusugan, ayon sa tinukoy ng isang propesyonal na tao
- Mga impeksyon, naipapasa, o nakakakahawang sakit na pagsusuri at paggamot, kabilang ang para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, pagsusuri, at paggamot para sa mga Impeksyong naisasalin dahil sa pagtatalik (Sexually Transmitted Disease) STI tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Mga malapit na serbisyo ng karahasan ng kasosyo
- Paggamot sa sakit na pag-abuso sa droga at alak kasama ang screening, pagtatasa, interbensyon, at mga serbisyo ng pagrekumenda.



Tawagan ang Serbisyo sa Customer sa 1-800-605-2556 (TTY 711).

Ang Blue Shield Promise ay narito Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Pumunta online sa

[blueshieldca.com/promise/medi-cal](https://www.blueshieldca.com/promise/medi-cal).

3 | Paano kumuha ng pangangalaga

Maaari kang kumuha ng mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad mula sa anumang provider o klinika ng Medi-Cal. Hindi kailangang nasa network ng Blue Shield Promise ang mga provider. Hindi mo kailangan ng referral mula sa inyong PCP o paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung gagamit ka ng isang wala sa network na provider para sa mga serbisyong **hindi** nauugnay sa mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad, maaaring hindi saklawin ang mga ito.

Upang makahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng Blue Shield Promise Medi-Cal para sa mga serbisyo ng pahintulot sa menor de edad, o upang makahingi ng tulong sa transportasyon upang makapunta sa isang provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng Blue Shield Promise sa 1-800-605-2556 (TTY 711).

Para sa higit pa tungkol sa mga serbisyo ng pangontra sa pagbubuntis, basahin ang "Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at kagalingan at pamamahala sa hindi gumagaling na sakit" sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Hindi sinasaklaw ng Blue Shield Promise ang mga serbisyo ng minor consent na Mga Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Specialty Mental Health Services, SMHS) o karamihan sa mga serbisyo ng SUD. Sinasaklaw ng county ang mga serbisyong ito kung saan ka nakatira. Upang malaman ang higit pa, kabilang ang kung paano ma-access ang mga serbisyong ito, basahin ang "Espesyalidad na Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (Specialty Mental Health Services, SMHS)" at "Mga Serbisyo sa Paggamot ng Sakit sa Paggamit ng Substance (SUD)" sa Kabanata 4 ng handbook na ito. Upang matuto pa, tumawag sa 1-800-605-2556 (TTY 711).

Para sa listahan ng mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county para sa SMHS, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>

Para sa listahan ng mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD, pumunta sa:
https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

Maaaring makipag-usap nang pribado ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahaning pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na nurse line sa 1-800-609-4166 (TTY 711).

Puwede mong hilingin na makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na form o format, kung available. Puwede mo itong ipadala sa iyo sa ibang lokasyon. Upang matuto pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang "Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado" sa Kabanata 7 ng handbook na ito.



Tawagan ang Serbisyo sa Customer sa 1-800-605-2556 (TTY 711).
Ang Blue Shield Promise ay narito Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Pumunta online sa blueshieldca.com/promise/medi-cal.